Anong wika o mga wika ang ginagamit ng iyong pamilya sa pag-uusap? Sa anong paraan mo ginagamit ang mga wikang ito?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Isipin kung ano ang dahilan kung bakit ka—ikaw! Paano mo maipapakita kung sino ka sa pamamagitan ng iyong pananamit, mga salita na ginagamit mo, mga aklat na kinagigiliwan mo, at mga aktibidad na ginagawa mo?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Ano ang maaaring akalain ng ibang tao tungkol sa iyo? Ano ang mararamdaman mo kapag ito ang kanilang inakala?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Ano ang paboritong pagkain ng iyong kabataan?

Mungkahi na Gawain: Hikayatin ang iyong magulang o ang sinumang kapamilya na sabay ninyong lutuin ang iyong paboritong pagkain. Itala ang mga sangkap at paraan ng pagluluto upang ito ay iyong maibahagi sa iba.

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Napuntahan mo na ba ang lugar kung saan nagmula ang iyong pamilya? Ano ang iyong naramdaman sa iyong unang pagdalaw sa lugar na ito? Kung hindi ka pa nakadalaw sa lugar na iyon, ano ang una mong gagawin kapag nabigyan ka ng pagkakataon na dumalaw?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Kung makakausap mo ang isang ninuno, isang miyembro ng pamilya na matagal nang nabuhay, ano ang gusto mong sabihin o itanong sa kanila? Kung makakausap mo ang isang inapo, isang miyembro ng pamilya na susunod sa iyo, ano ang gusto mong sabihin sa kanila o itanong sa kanila?

Mungkahi na Gawain: Sumulat ng isang liham o gumawa ng card para sa isang ninuno o inapo. Ibahagi ang iyong mga saloobin, damdamin, at anumang mga tanong na mayroon ka para sa kanila.

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Saang lugar nagmula ang ating pamilya? Ano ang kasaysayan ng ating pamilya tungkol sa lugar na iyon?

Mungkahi na Gawain: Hanapin sa mapa, globo, o Google Maps ang lugar kung saan nagmula ang iyong pamilya. Isipin ang paraan ng pamumuhay sa lugar na iyon.

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Anong tradisyon na iyong nakagisnan ang pinakmahalaga sa iyo? Anong tradisyon ang gusto mong simulan ng iyong pamilya?

Mungkahi na Gawin: Isama ang buong pamilya na gawin ang isang nakagisnan na tradisyon at bumuo ng mga bagong alaala.

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Mayroon ka bang paboritong larawan? Kung maaari mong kunan ng larawan ang anumang bagay, ano ang gusto mong maipakita sa larawan na ito?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Ilarawan ang lugar kung saan ka nakatira noong bata ka pa—ang iyong tahanan, kapitbahayan, at anumang bagay sa paligid nito. Ano ang pinaka naaalala mo kapag naiisip mo kung saan ka lumaki?

Mungkahi na Gawain: Gumuhit ng larawan ng lugar kung saan ka nakatira noong bata ka pa. Maaaring ito ang iyong bahay, kalye, at anumang mahalagang bagay na natatandaan mo tungkol dito.

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Maaari mo bang ipakita ang isang bagay sa iyong tahanan na talagang nagpapasaya sa iyo? Bakit nagdudulot sa iyo ng kasiyahan ang bagay na ito?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Mayroon bang amoy, tunog, panlasa, o tanawin na nagpapaisip sa iyo ng mga alaala mula sa nakaraan? Ano ito, at bakit ito nagpapaalala sa iyo ng mga panahong iyon?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Mayroon bang aklat, tula, o kuwento na talagang namumukod tangi sa iyo? Maaari mo bang ibahagi kung bakit ito mahalaga sa iyo?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Ano ang isang bagay tungkol sa iyo na talagang gusto mong maunawaan o malaman ng iba?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Hanggang saan natin matutunton ang kasaysayan ng ating pamilya?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Kapag iniisip mo ang kasaysayan ng iyong pamilya, anong mga bagay ang gusto mo pang malaman?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Mayroon bang mga kuwento o alamat na naipasa mula sa iyong mga ninuno?

Mungkahi na Gawain: Pumili ng isang kuwento o alamat mula sa kasaysayan ng iyong pamilya, pagkatapos ay basahin ito kasama ng isang miyembro ng pamilya, o basahin ito nang malakas sa iyong mga manika o alagang hayop.

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Naranasan mo na bang ikaw ay parang nag-iisa o parang walang tao sa paligid mo? Kapag nalulungkot ka, ano o sino ang nagpapapagaan sa iyong pakiramdam?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Sumali ka ba sa anumang aktibidad o kapisanan sa iyong pamayanan? Ano ang pakiramdam ng pagiging bahagi ng isang samahan?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Ano ang bagay na maipagmamalaki mo bilang isang kasapi ng iyong pamayanan?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

## Maaari mo bang ibahagi ang mga karanasan ng iyong kabataan?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

## Natunghayan mo ba o naging bahagi ng isang pangyayari na nasa mga aklat ng kasaysayan? Paano nakaapekto ang pangyayaring iyon sa iyo o sa iyong pamilya?

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Kung maaari kang gumawa ng isang espesyal na kahon o "time capsule", upang ibaon at buksan makalipas ang maraming taon, upang matulungan ang mga tao na malaman kung paano tayo nabubuhay ngayon, ano ang ilalagay mo sa loob nito?

Mungkahi na Gawain: Magtipon ng mga makabuluhang na bagay na kumakatawan sa iyong buhay ngayon at ilagay ang mga ito sa isang lalagyan. Ilibing ang lalagyan sa isang ligtas na lugar o itago ito upang buksan makalipas and maraming taon upang makita kung paano nagbago ang mga bagay-bagay.

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

## Ano ang paborito mong salita sa ibang wika?

Mungkahi na Gawain: Gumawa ng isang piraso ng sining na nagtatampok ng iyong paboritong salita. Gumamit ng mga kulay at hugis para maipakita ang salita.

Talk Story Prompt Cards created by the Asian/Pacific American Librarians Association

Ano ang ilang mga bagay na gusto mo tungkol sa iyong pagkatao?

Talk Story Prompt Cards created by the
Asian/Pacific American Librarians Association

Ano ang pagkain na ayaw mo noong bata ka pa? Ilarawan kung ano ang iyong nararamdaman kapag kinakain mo ito?

Talk Story Prompt Cards created by the
Asian/Pacific American Librarians Association

May mga kwento ba sina lolo at lola noong mga bata pa sila? Paano nagkakilala sina lola at lolo?

Talk Story Prompt Cards created by the
Asian/Pacific American Librarians Association

Ano ang ibig sabihin ng pag-ibig para sa iyo? Paano mo nararamdamn ang pagmamahal? Paano ka nagpapakita ng pagmamahal? Ano ang nararamdaman mo kapag may nagpapakita ng pagmamahal sa iyo?

Talk Story Prompt Cards created by the
Asian/Pacific American Librarians Association

## Anong karagdagang kaalaman ang gusto mo pang malaman tungkol sa iyong pamayanan?

Talk Story Prompt Cards created by the
Asian/Pacific American Librarians Association

## TUNGKOL SA MGA CARDS

Ang "Talk Story Prompt Cards", ay nilikha ng Asian/Pacific American Librarians Association (APALA) upang hikayatin ang mga tao na magsagawa ng makabuluhang pag-uusap tungkol sa kanilang kultura, pamilya at iba pang bahagi ng kanilang pamumuhay. Ang layunin ng Talk Story ay para sa pagkilala ng pamilya, pag-uugnay sa pagitan ng mga nakababata at nakatatanda, at pagkilala sa sariling kultura.

Nagpapasalamat ang APALA Family Literacy Focus Committee kay Kristine Segura sa pagsalin ng mga prompt cards sa wikang Tagalog

Talk Story Prompt Cards created by the
Asian/Pacific American Librarians Association

## PARAAN NG PAGGAMIT

- Gawin ang bawat pagsasanay kasama ng iyong pamilya, kaibigan at mahahalagang tao sa iyong buhay.
- Basahin ang mga tanong at pag-usapan ang mga sagot.
- Maaari mong iakma ang anumang tanong batay sa iyong nakagawian.
    - Halimbawa, kung “Lolo” at “Lola” ang ginagamit para sa "grandmother" o "grandfather", hinihikayat ka naming gamitin ang mga salitang ito. Ito ay bahagi ng iyong kultura at kaugalian.

Talk Story Prompt Cards created by the
Asian/Pacific American Librarians Association

## PARAAN NG PAGGAMIT

- Maaaring maging emosyonal o maging mahirap ang mga pag-uusap na ito.
- May mga pagkakakataon na "Hindi ko alam." ang iyong sagot.
- Maaari din na laktawan ang anumang tanong.
- Buksan ang pag-iisip habang sinasagot ang bawat tanong.
- Kasama sa ilang mga tanong ay mga aktibidad na maaaring gawin bilang paraan upang mapagusapan ang bawat paksa.

Talk Story Prompt Cards created by the
Asian/Pacific American Librarians Association